

KHUTBAH



الرحمة في الإسلام

Ang Habag sa Islam

ISINALIN SA WIKANG FILIPINO NG:
ACADEMIC COMMITTEE
www.lastmsg.org.ph



باللغة الفلبينية - تغالوغ

“Ang Habag sa Islam”

الخطبة الأولى:

الحمد لله نحمده ونستعينه ونستغفره ونعوذ بالله من شرور أنفسنا، ومن سيئات أعمالنا، من يهده الله فلا مضل له، ومن يضلل فلا هادي له، وأشهد أن لا إله إلا الله وحده لا شريك له، وأشهد أن محمداً عبده ورسوله

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تَقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُمْ مُسْلِمُونَ ﴿١٢٢﴾ ﴾

“ O kayong mga nanampalataya, katakutan ninyo ang Allah ng tunay na pagkatakot at huwag na huwag ninyong hahayaan na bawian kayo ng buhay maliban na lamang na kayo ay mga Muslim”

﴿ يَا أَيُّهَا النَّاسُ اتَّقُوا رَبَّكُمُ الَّذِي خَلَقَكُمْ مِنْ نَفْسٍ وَحِدَةٍ وَخَلَقَ مِنْهَا زَوْجَهَا وَبَثَّ مِنْهُمَا رِجَالًا كَثِيرًا وَنِسَاءً وَاتَّقُوا اللَّهَ الَّذِي

تَسَاءَلُونَ بِهِ ءَ وَالْأَرْحَامَ إِنَّ اللَّهَ كَانَ عَلَيْكُمْ رَقِيبًا ﴿١٢٣﴾ ﴾

“O Sangkatauhan! Pangambahan ang inyong Panginoon na lumikha sa inyo mula sa isang tao (Adan), at mula sa kanya ay nilikha Niya ang kanyang asawa (Eba), at mula sa kanilang dalawa ay nilikha Niya ang maraming lalaki at babae; pangambahan ninyo ang Allah, mula sa Kanya ay nanggaling ang inyong magkasanib (na mga karapatan), at (huwag ninyong putulin ang kaugnayan) ng mga sinapupunan (na nagluwal sa inyo, alalaong baga, ang pagkakamag-anak); sapagkat katiyakang ang Allah ay Lalagi nang Ganap na Nagmamasid sa inyo.”

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ وَقُولُوا قَوْلًا سَدِيدًا ﴿٧٧﴾ يُصْلِحْ لَكُمْ أَعْمَالَكُمْ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ذُنُوبَكُمْ وَمَنْ يُطِيعِ اللَّهَ

وَرَسُولَهُ فَقَدْ فَازَ فَوْزًا عَظِيمًا ﴿٧٨﴾ ﴾

“O kayong mga naniwala sa Allâh, sundin ninyo ang Kanyang Sugo at matakot kayo sa Allâh sa pamamagitan ng di-paglabag sa Kanya, dahil kapag ito ay inyong ginawa ay magiging karapat-dapat kayo sa parusa, at magsalita kayo sa lahat ng inyong kalagayan at situwasyon nang matuwid na pananalita na walang anumang pagsisinungaling at kamalian. Kapag kayo ay natakot sa Allâh at naging tapat sa inyong pananalita ay itutuwid ng Allâh para sa inyo ang inyong gawain, at patatawarin ang inyong mga kasalanan. At ang sinumang susunod sa Allâh at sa Kanyang Sugo sa anuman na Kanyang pag-uutos at pagbabawal ay katiyakang magkakamit siya ng dakilang parangal dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.”

Gaano ba natin kinakailangan ang awa sa panahon natin ngayon?

Itong panahon natin na ito, ay para bang nagsilbing gubat na, na kinakain nito ang bawat parte nito, na nagiging dahilan nang pag-usbong ng mga gyera na nagpapatulo ng inosenteng dugo, nagpapahirap sa mga taong mahihina at nagdudulot ng kasamaan sa isipan ng karamihan upang gumawa ng mga karumal dumal na bagay.

Mga tao na nagsisiraan sa isa't isa, ang mayaman ay lalong yumayaman at ang mahirap ay parang mga maliliit na bagay na lamang na inaapak-apakan na lamang ng mayayaman. Panahon kung saan hindi na pinahalagahan ang ugaling dapat taglayin ng isang tao, wala ng silbi ang isang tao maliban na lamang na kailangan siya. Panahon kung saan kinakain ang isang tao ng kanyang kaalaman dahil sa pagmamalaki hanggang sa kanyang maisip na ang lahat dito sa mundo ay kayang kaya niyang makuha. Hindi nagpapakumbaba sa mga mabababang uri ng tao, hindi na pinapansin ang karapatan ng mga kapos palad at ginagawa pa silang biktima ng kasamaan.

Gaano ba natin kinakailangan ang awa sa panahon natin ngayon?

Mga alipin ng Allah ﷻ katotohanan na ang Allah ﷻ ang lumikha sa panahon at lugar na ito at Siya ang may Pinakamaawain na katangian hanggang sa tinawag Niya ang Kanyang sarili na “Ang Pinakamaawaain at Ang Pinakamahabagin” dalawang katangian na bukod tanging sa Allah ﷻ lamang.

Sinabi ni Propeta Mohammad ﷺ:

جعل الله الرحمة مائة جزء ، فأمسك عنده تسعة وتسعين جزءًا ، وأنزل في الأرض جزءًا واحدًا

“Ginawang isang daang bahagi ng Allah ﷻ ang awa, at hinawakan o kinuha ng Allah ﷻ ang siyamnapu’t siyam na bahagi nito at ibinaba ng Allah ﷻ sa kalupaan ang isang bahagi nito.”

Kahit sa anong klasing nilikha, makikita natin ang awa at habag sa pagitan ng bawat isa. Maliban na lamang na ang Allah ﷻ parin ang pinaka nagtataglay ng subrang pagkakaroon ng awa at habag.

فَقَالَ لَنَا النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: أَتُرُونَ هَذِهِ طَارِحَةً وَلَدَهَا فِي النَّارِ قُلْنَا: لَا، وَهِيَ تَقْدِرُ عَلَى أَنْ لَا تَطْرَحَهُ،

فَقَالَ: لَلَّهِ أَرْحَمُ بِعِبَادِهِ مِنْ هَذِهِ بَوْلَدِهَا

Naiulat ni Omar na anak ni Khattab kalugdan nawa sila ng Allah ﷻ na dumating kay Propeta Mohammad ﷺ ang mga bihag mula sa digmaan at mula sa mga bihag na ito ay may isang babae na nawala ang kanyang anak at noong nakita ng babae na ito ang kanyang anak na uhaw ay kinukuha niya agad ang bata at pinadede niya ng gatas mula sa kanyang dede at sinabi ni Propeta Mohammad ﷺ sa amin: ‘Nakikita ba ninyo ang babae na ito? Sa palagay ba ninyo ay kaya niyang itapon ang kanyang anak sa naglalagablab na apoy?’ Aming sinabi na: Hindi, bagkus siya ay walang kakayahan na gawin iyon. Sinabi ni Propeta Mohammad ﷺ: ‘Katotohanan na ang Allah ﷻ ay

mas lubos na maawain sa Kanyang mga alipin kaysa sa pagkaawa ng babae na ito sa kanyang anak.’

Napag pasyahan na ng Allah ﷻ na mananaig at mangingibabaw ang Kanyang awa kaysa sa Kanyang galit.

Sinabi ni Propeta Mohammad ﷺ:

لما خلق الله الخلق، كتب في كتابه، فهو عنده فوق العرش: إن رحمتي تغلب غضبي، وفي رواية: "إن رحمتي سبقت

غضبي

“Noong nilikha ng Allah ﷻ ang lahat, sinulat sa libro ng Allah ﷻ, na ang Allah ﷻ ay nasa ibabaw ng kanyang trono: katotohanan na ang aking pagiging maawain ay natalo o napangibabawan nito ang aking galit.”

At sa iba pa sa ibang pagsasalaysay: “Katotohanan na ang Aking pagiging maawain ay nanguna kaysa sa Aking galit”

Aking mga kapatid na naniniwala sa Allah ﷻ hindi ipinadala ng Allah ﷻ ang Kanyang sugo ﷺ maliban na lamang upang magsilbi bilang awa para sa sangkatauhan.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ وَمَا أَرْسَلْنَاكَ إِلَّا رَحْمَةً لِّلْعَالَمِينَ ﴿١٧﴾ ﴾

“At hindi ka Namin ipinadala, O Mohammad (ﷺ), kundi bilang Habag sa sangkatauhan at sa lahat ng nilikha”

Ang buhay ni Propeta Mohammad ﷺ ay awa, ang pagpapadala sa kanya ng Allah ﷻ ay awa, ang pagsasalita niya ay awa at ang pananahimik niya sa ibang bagay ay awa. Awa ng Allah ﷻ sa sangkatauhan, awa sa mga

nilikha na di nakikita at awa sa lahat ng mga hayop, at lalong higit awa sa nasyon ni Propeta Mohammad ﷺ.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ يَا الْمُؤْمِنِينَ رَوْفٌ رَحِيمٌ ﴾

“at Siya ay maawain, lubos ang kabutihan at mapagmahal sa mga mananampalataya.”

Si Propeta Mohammad ﷺ ay lumuluha dahil sa kapakanan ng Kanyang nasyon, kanyag sinasabi:

"اللَّهُمَّ، أُمَّتِي أُمَّتِي، وَبِكِي! فَقَالَ اللَّهُ عَزَّ وَجَلَّ: يَا جَبْرِيْلُ، اذْهَبْ إِلَى مُحَمَّدٍ - وَرَبُّكَ أَعْلَمُ - فَسَلَّهُ مَا يُبْكِيكَ؟ فَتَأَاهُ جَبْرِيْلُ عَلَيْهِ الصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ فَسَأَلَهُ، فَأَخْبَرَهُ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ بِمَا قَالَ - وَهُوَ أَعْلَمُ - فَقَالَ اللَّهُ: يَا جَبْرِيْلُ، اذْهَبْ إِلَى مُحَمَّدٍ فَقُلْ: إِنَّا سُرَّضِيْكَ فِي أُمَّتِكَ وَلَا نَسُوْءُكَ"

“O Allah ang aking nasyon, o Allah ang aking nasyon” at siya ay napaiyak.

Sinabi ng Allah ﷻ: “O Jibreel puntahan mo si Mohammad ﷺ, katotohanan na alam ng iyong Panginoon ang lahat, tanungin mo si Mohammad ﷺ kong ano ang nakakapag paiyak sa kanya.” Dumating si Jibreel kay Propeta Mohammad ﷺ at tinanong siya ni Jibreel at sinabi ni Jibreel ang sinabi ng Allah ﷻ sa kanya.

At muling inutusan ng Allah ﷻ si Jibreel.

Sinabing muli ng Allah ﷻ: “O Jibreel puntahan mo si Mohammad ﷺ at sabahin mo na, katotohanan na malulugod kami sa kanyang nasyon, at hindi Kami magiging pabaya.”

Tingnan ninyo ngayon mga kapatid ang awa ni Propeta Mohammad ﷺ sa kanyang mga kalaban, na tinanggihan nila ang kanyang paanyaya patungo sa rilihiyong Islam at sinaktan nila si Propeta Mohammad ﷺ, at dumating ang anghel ng kabundukan na nagsabi na: “kung gugustuhin mo o Mohammad ﷺ itataob ko sa kanila ang dalawang bahagi ng kabundukan na ito?

"إِنْ شِئْتَ أَنْ أَطِيقَ عَلَيْهِمُ الْأَخْشَبِينَ فَعَلْتُ فَعَلْتُ بَلْ أَرْجُو أَنْ يُخْرِجَ اللَّهُ مِنْ أَصْلَابِهِمْ مَنْ يَعْبُدُ اللَّهَ لَا يُشْرِكُ بِهِ

شَيْئًا"

Sinagot siya ni Propeta Mohammad ﷺ: “Bagkus ako ay umaasa na lalabas mula sa mga angkan nila ang mga tao na sasamba sa Allah ﷻ at hindi magtatambal sa Kanya.”

جاء الطُّفَيْلُ بْنُ عَمْرِو الدَّوْسِيِّ إِلَى رَسُولِ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ، فَقَالَ: إِنَّ دَوْسًا قَدْ عصَتْ وَأَبَتْ،

فَادْعُ اللَّهَ عَلَيْهِمْ، فَاسْتَقْبَلَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ الْقِبْلَةَ، وَرَفَعَ يَدَيْهِ، فَقَالَ النَّاسُ: هَلَكُوا، فَقَالَ: اللَّهُمَّ

اهْدِ دَوْسًا وَأَنْتِ بِهَمْ، اللَّهُمَّ اهْدِ دَوْسًا وَأَنْتِ بِهَمْ

At noong dumating si Tufail na anak ni Amar at ang kanyang mga kasamahan kalugdan nawa sila ng Allah ﷻ kay Propeta Mohammad ﷺ at kanilang sinabi: ‘O sugo ng Allah ﷻ katotohanan ang pamilyang Daws ay sumuway at tumanggi sa kautusan ng Allah ﷻ ipanalangin mo para sa kanila ang kasawian.’ At may nagsabi pa ng: ‘kasawian para sa pamilya ng Daws.’ At nanalangin si Propeta Mohammad ﷺ para sa kanila at sinabi ni Propeta Mohammad ﷺ: “O Allah ﷻ naway gabayan mo po sa tamang landas

ang pamilya ng Daws, at patagalin mo po para sa kanila ang kanilang buhay.”

Aking mga kapatid na naniniwala sa Allah ﷻ ang rilihiyong Islam, lahat ito ay awa, ang itaas nito ay awa at ang ibaba nito ay awa at ang kabuuan nito ay awa, at ito pa ang ibang bahagi ng awa na ito.

Ang una: Ang awa na makikita natin sa mga batas ng Islam. Isa sa mga uri ng awa na nasa Islam ay ang hindi nito pamimilit sa tao sa mga bagay na hindi nila kaya, at hindi pag-uutos ang bagay na hindi nila makakayanan.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ لَا يَكْفُرُ اللَّهُ نَفْسًا إِلَّا وُسْعَهَا ﴾ البقرة 286

“Hindi ipinag-utos ng Allâh sa Kanyang mga alipin ang mga bagay na hindi nila makakayanan.”

Ang lahat ng bagay na nagdudulot ng kahirapan sa isang tao sa paggawa nito, ay inalis ng Allah ﷻ sa Kanyang mga alipin.

Sinabi ng Allah ﷻ :

﴿ وَمَا جَعَلَ عَلَيْكُمْ فِي الدِّينِ مِنْ حَرَجٍ ﴾

“Ginawa Niya para sa inyo ang makatarungan at ganap na batas, na walang anumang pagmamalupit at pagpapahirap sa anumang ipinag-utos at mga alintuntunin nito.”

At sinabi pa ng Allah ﷻ:

﴿ يُرِيدُ اللَّهُ بِكُمُ الْيُسْرَ وَلَا يُرِيدُ بِكُمُ الْعُسْرَ ﴾

“Hangad ng Allâh ﷻ na maging madali para sa inyo ang Kanyang batas. Hindi Niya nais na kayo ay pahirapan.”

At sinabi ni Propeta Mohammad ﷺ:

"إِنَّ الدِّينَ يُسْرٌ"

“Katotohanan ang pananampalatayang Islam ay madali”

Sa lahat ng batas ng Islam ay makikita dito ang awa na nangingibabaw, ang pagdarasal ay napapa-iksi at napapag sama sa oras na nasa paglalakbay ang isang muslim, at maaring gumamit ng alikabok na pamalit sa tubig sa pagkakataon na dumating ang oras nang pagdarasal at hindi makakita ng tubig, at maari din ang paghaplos sa medyas sa oras nang paglalakbay at kahit na oras ng pamamalagi o pananatili, at maaring kumain ang isang muslim sa mga araw nang pag-aayuno (Ramadhan) sa oras na siya ay naglalakbay at sa mga oras na siya ay may sakit, at ang hindi pagiging obligado ng ubligadong kawang gawa (Zakah) at pagbisita sa Makkah (Haj) sa mga walang kakayahan.

Ang pamimili sa mga madadaling bagay na makakapag iwas sa pagkakaroon ng kasalanan at ito ang pamamaraan ni Propeta Mohammad

ﷺ.

Naiulat at sinabi ni A’isha kalugdan nawa siya ng Allah ﷻ: ‘Kapag pinapili si Propeta Mohammad ﷺ sa pagitan ng dalawang bagay, pipiliin niya ﷺ ang mas madali sa dalawang bagay na ito, hanggat hindi ito magdudulot ng kasalanan’

Ang pangalawa: Ang habag na makikita sa pagsamba sa Allah ﷻ.

Si Anas kalugdan nawa siya ng Allah ﷻ ay nag-ulat na sinabi ni propeta Mohammad ﷺ:

إن هذا الدين متين فأوغل فيه برفق

‘katotohanan ang relihiyon na ito ay matibay, at mamuhay kayo sa pamamagitan ng relihiyon na ito ng may awa, at huwag ninyong pahirapan ang inyong mga sarili na magdudulot ng pag-iwan ninyo sa ibang pagsamba sa Allah ﷻ.’

Sinabi pa ni Propeta Mohammad ﷺ:

فَاكْلُفُوا مِنَ الْعَمَلِ مَا تُطِيقُونَ

“Hindi napuputol ang pagkamit ninyo sa gantimpala ng Allah ﷻ hangga’t kayo ay abala sa pagsamba sa Kanya”

Katotohanan na si Propeta Mohammad ﷺ ay ipinagbabawal ang mga sobra sa pagsamba sa Allah ﷻ, bilang awa.

Sinabi ni A’isha kalugdan nawa siya ng Allah ﷻ: ‘May babae na namalagi sa akin mula sa angkan ni Asad, pagkatapos ay pumasok si Propeta Mohammad ﷺ at kanyang sinabi: Sino siya? Aking sinabi: Siya si Pulana na hindi natutulog sa gabi, dahil sa pagdarasal niya, sinabi ni Propeta Mohammad ﷺ: Huwag ninyong gawin ang mga gawain na hindi ninyo kaya, katotohanan ang Allah ﷻ ay hindi nagsasawa hanggang hindi kayo magsawa.

Sinabi ni Anas kalugdan nawa siya ng Allah ﷻ pumasok si Propeta Mohammad ﷺ pagkatapos ay nakita niya ang tali na nakabalagbag at nakatali sa dalawang haligi at kanyang sinabi: ‘Ano ito?’ At sinabi nila: ‘Ito ay tali na pagmamay-ari ni Zainab kapag siya ay napagod humahawak siya sa tali na ito.’ Sinabi ni Propeta Mohammad ﷺ: ‘Huwag ninyong pigilan ang pagod na nararamdman ng inyong katawan, kapag kayo ay napagod kayo ay umupo at magpahinga.’

Iniulat din ni Anas kalugdan nawa siya ng Allah ﷻ na si Propeta Mohammad ﷺ ay nakakita ng matanda na binibuhay ng dalawa niyang anak at sinabi ni Propeta Mohammad ﷺ: ‘Ano ang inyong ginagawa?’ At kanilang sinabi: ‘Siya ay sumumpa sa Allah ﷻ na siya ay lalakad.’ Sinabi ni Propeta Mohammad ﷺ: ‘Katotohanan hindi ninanais ng Allah ﷻ na parusahan ng matandang ito ang kanyang sarili, pagkatapos ay inutusan ito ni propeta Mohammad ﷺ na sumakay.

Ang pangatlo: Ang habag sa pagitan ng mga nilikha.

Ilan sa mga ito ay ang habag sa pagitan ng mag-ina at mag-ama.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ وَقَضَىٰ رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوا إِلَّا إِيَّاهُ وَبِالْوَالِدَيْنِ إِحْسَانًا ۖ إِنَّمَا يُبَلِّغَنَّ عِنْدَكَ الْكِبَرَ أَحَدُهُمَا أَوْ كِلَاهُمَا فَلَا تَقُلْ لَهُمَا
وَإُخْفِضْ لَهُمَا جَنَاحَ الذُّلِّ مِنَ الرَّحْمَةِ وَقُل رَّبِّ ارْحَمْهُمَا كَمَا أُفٍّ وَلَا تَنْهَرْهُمَا وَقُل لَّهُمَا قَوْلًا كَرِيمًا ﴿١٣﴾

﴿ رَبِّيَٰنِي صَغِيرًا ﴿٤٤﴾ ﴾

"At ipinag-utos ng iyong Rabb na Tagapaglikha, O ikaw na tao, na wala kang karapat-dapat na sambahin kundi Siya na Bukod-Tangi, at ipinag-utos din Niya na ikaw ay maging mabuti sa iyong mga magulang lalung-lalo na kapag inabot nila ang katandaan sa iyong kapanahunan, na huwag kang sumuway at huwag kang magbitiw sa kanila ng anumang salita ng kawalang-paggalang, kahit pagsasabi lamang ng uff na nagpapahiwatig ng pagkayamot, na ito na ang pinakamababa at pinakamasamang salita sa harap ng magulang, at huwag na huwag mangyari sa iyo ang pagsasabi ng anumang masamang salita laban sa

kanila, bagkus ay maging mahinahon ka sa pakikitungo sa kanila, at makipag-usap ka sa kanila na may pagpaparangal na pakikipag-usap at pawang mabubuting salita lamang ang iyong sasabihin. At magpasailalim ka sa panuntunan ng pagsunod at pagpapakumbaba sa iyong mga magulang bilang awa sa kanila at hilingin mo sa iyong Rabb na Tagapaglikha na kaawaan sila sa pamamagitan ng Kanyang napakalawak na awa, buhay man sila o patay na, na tulad ng kanilang pagtitiis noong ikaw ay pinapalaki nila na bata pa na mahina na walang anumang kakayahan.”

Ipinag-utos sa tao ang pagbibigay ng karapatan ng mga magulang sa pamamagitan ng limang bagay.

Ang una: Ang hindi pagsasabi sa kanila ng ‘Ufff’(tsk tsk), ito ay lubos na kamuhi-muhi.

Ang pangalawa: Ang hindi pagsigaw o pagtataas ng boses sa kanila.

Ang Pangatlo: Ang pakikipag-usap sa kanila ng mahinhin at mahalumanay na pamamaraan.

Ang pang-apat: Ang pagiging mapagpakumbaba at maawain sa kanila.

Ang Pang lima: Ang paghiling mula sa Allah ﷻ na kaawaan silang dalawa sa pamamagitan ng awa ng Allah ﷻ na walang hanggan.

Ang isa pa sa mga habag na ipinag-uutos ng Islam ay ang awa sa kababaihan bilang pag galang sa kanila.

Sinabi ni Propeta Mohammad ﷺ:

"استوصوا بالنساء؛ فإنَّ المرأةَ خُلِقَتْ مِنْ ضِلَعٍ، وَإِنَّ أَعْوَجَ شَيْءٍ فِي الضِّلَعِ أَعْلَاهُ، فَإِنْ ذَهَبَتْ تُقِيمُهُ كَسْرَتَهُ، وَإِنْ

تَرَكْتَهُ لَمْ يَزَلْ أَعْوَجَ؛ فَاسْتَوْصُوا بِالنِّسَاءِ"

“Hangarin ninyo ang kabutihan para sa mga kababaihan, katotohanan na ang kababaihan ay nilikha sa pamamagitan ng tadyang, katotohanan na ito ay baliko, at kapag ito ay pinilit ninyong ituwid ito ay mababali, at kung ito naman ay hahayaan ninyo, ito ay mananatiling baliko, maging mabuti kayo sa mga kababaihan.”

At sinabi pa ni Propeta Mohammad ﷺ:

"رُوَيْدَكَ يَا أَبَجَشَةَ سَوْفَكَ بِالْقَوَارِيرِ"

“Maghinay-hinay ka o Anjasha naway ayusin ka ng Allah ﷻ katotohanan ang kababaihan ay tila sisidlan ng tubig na mula sa bote (bubog).”

Inihalintulad ni Propeta Mohammad ﷺ ang mga kababaihan sa isang lalagyan ng tubig na bote na madaling mabasag dahil sa kahinaan na taglay nito, at dahil sa pagiging madaling mabasag nito. Bilang paalaala sa lahat na ang kababaihan ay nangangailangan nang pagkalinga, awa at pag-intindi.

Ang habag sa mga bihag sa oras nang labanan, katotohanan ang habag na napapaloob sa Islam ay sadyang malawak hanggang sa kahit na ang digmaan ay sakop ng habag na ito. Ang kalaban ng Islam na kumakalaban sa mga muslim at ginugusto nilang patuluin ang dugo ng mga muslim, ngunit pinupuri ng Allah ﷻ yaong mga muslim na napapakain nila ang mga bihag mula sa mga kalaban.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿ وَطُعْمُونَ الطَّعَامَ عَلَىٰ حُبِّهِ مِسْكِينًا وَيَتِيمًا وَأَسِيرًا ﴾

“Sila na yaong nagpapakain ng pagkain dahil sa pagmamahal nila sa mga mahihirap, ulila at mga taong nabihag dahil sa digmaan.”

Ang habag sa mga hayop, isa ito sa nagpapakita ng pagiging subra-subra ang habag na napapaloob sa Islam hanggang sa masakop ng habag na ito ang mga hayop.

Naiulat ng anak ni Mas'ud kalugdan nawa sila ng Allah ﷻ:

"فَرَأَيْنَا حُمْرَةً مَعَهَا فَرِحَانٍ فَأَخَذْنَا فَرِحَيْهَا، فَجَاءَتْ الْحُمْرَةُ فَجَعَلَتْ تَفْرِشُ، فَجَاءَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ فَقَالَ:

من فجع هذه بولدها؟ ردوا ولدها إليها"

'Kami ay kasama ng sugo ﷺ ng Allah ﷻ sa isang paglalakbay, nang tinugunan ni Propeta Mohammad ﷺ ang tawag ng kalikasan at habang wala siya ﷺ, nakakita kami ng isang uri ng ibon na kung tawagin ay (Hamra) kasama ng ibon na ito ang kanyang anak at kinuha nila ang anak ng ibon at nag-ikot at di mapakali ang nanay ng ibon na ito at hinahanap ang kanyang anak, at biglang dumating si Propeta Mohammad ﷺ at kanyang sinabi:

"من فجع هذه بولدها؟ ردوا ولدها إليها"

“Sino ang naghiwalay sa ibon na ito sa kanyang anak? Ibalik ninyo, ibalik ninyo ang anak niya sa kanya.”

At siya si Mohammad ﷻ na pinapaalalahanan niya ang kanyang pamilya ng mabuting pag-uugali at mabuting pakikisama at paggupit ng kuko sa tuwing gagatasan nila ang mga alagang hayop.

Ganoon din kapag ang isang hayop ay kakatayin kailangan ng habag at awa.

Sinabi ni Propeta Mohammad ﷺ:

"إِنَّ اللَّهَ كَتَبَ الْإِحْسَانَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ، فَإِذَا قَتَلْتُمْ فَأَحْسِنُوا الْقِتْلَةَ، وَإِذَا ذَبَحْتُمْ فَأَحْسِنُوا الذَّبْحَ، وَلْيُجِدَّ أَحَدُكُمْ

شَفْرَتَهُ، فَلْيُرْخِ ذَبِيحَتَهُ"

“Tunay na ipinagkaloob ng Allah ﷻ ang kabutihan at kaayusan sa lahat ng bagay at kapag kayo ay kakatay ng hayop ay isaayos ninyo at isagawa ninyo ito ng may habag, at hasain ninyo ang inyong patalim, at hayaan ninyo mamatay ng maayos ang hayop (huwag balatan habang buhay pa).”

بارك الله لي ولكم بالقرآن العظيم، ونفعني وإياكم بما فيه من الآيات والذكر الحكيم قلت ما سمعتم،

وأستغفر الله لي ولكم، فاستغفروه، إنه هو الغفور الرحيم

الخطبة الثانية:

الحمد لله وحده والصلاة والسلام على من لا نبي بعده، أما بعد

Mga alipin ng Allah ﷻ, ng dahil sa awa na maibibigay ng tao sa iba pang mga nilikha ay gagawing obligado ng Allah ﷻ ang pagpasok sa paraiso ng isang tao.

Naiulat at sinabi ni A'isha kalugdan nawa siya g Allah ﷻ: ‘Dumating ang isang babae sa akin at dala nito ang kanyang dalawang anak, at pinakain ko sila ng tatlong butil na datiles at binigyan ng babae na ito ng tig-iisang butil ang kanyang anak, pagkatapos ay isinubo niya ang isa pang butil at nang isinusubo na niya ito sa kanyang bibig ay biglang nanghingi pa ang kanyang mga anak at hinati ng babae na ito ang isang butil ng datiles para sa kanyang dalawang anak, at namangha ako sa babaing ito at binanggit ko ang ginawang ito ng babae kay Propeta Mohammad ﷺ at sinabi ni Propeta Mohammad

ﷺ
صلی الله
عليه وسلم

"إِنَّ اللَّهَ قَدْ أَوْجَبَ لَهَا بِهَا الْجَنَّةَ أَوْ أَعْتَقَهَا بِهَا مِنَ النَّارِ"

“Katotohanan ginawang obligado ng Allah ﷻ ang pagpasok ng babaing iyon sa paraiso at pinalaya siya sa impyerno” (Muslim)

Upang makamit ang habag at awa ng Allah ﷻ sinabi ni Propeta Mohammad:

"الرَّاحِمُونَ يَرْحَمُونَ الرَّحِيمِينَ . اِرْحَمُوا مَنْ فِي الْأَرْضِ يَرْحَمَكُم مِّنْ فِي السَّمَاءِ"

“Ang mga maawain ay kinakahabagan ng Pinakamahabagin, kaawan ninyo ang kung anuman ang nasa kalupaan at kakaawaan kayo ng nasa itaas ng kalalingatan (ang Allah ﷻ).”

Naiulat ni Anas kalugdan nawa siya ng Allah ﷻ na sinabi ni Propeta Mohammad صلى الله عليه وسلم:

"والذي نفسي بيده لا يضعُ اللهُ رَحْمَتَهُ إِلَّا عَلَى رَحِيمٍ"

‘Sumpa man sa Allah ﷻ na humahawak ng aking buhay, hindi ipinagkakaloob ng Allah ﷻ ang kanyang habag at awa maliban na lamang doon sa maawain’

Kabilang sa mga kinahabagan ng Allah ﷻ dahil sa kanilang pagkamaawin ay ang isang lalaki na mapagmalabis mula sa angkan ng Israel, ngunit kinahabagan siya ng Allah ﷻ dahil sa asong kanyang kinaawaan at pinainum.

At sinuman ang inalis niya ang awa sa kanyang puso, katotohanan na siya ay paparusahan sa pamamagitan ng naglalagablab na apoy ng impyerno.

Sinabi ni Propeta Mohammad صلى الله عليه وسلم:

"دَخَلَتْ امْرَأَةٌ النَّارَ فِي هَرَّةٍ رَبَطَتْهَا فَلَمْ تَسْقِهَا وَلَمْ تُطْعِمَهَا وَلَمْ تُرْسِلْهَا تَأْكُلْ مِنْ خَشَاشِ الْأَرْضِ حَتَّى مَاتَتْ"

“Nakapasok ang isang babae sa impyerno ng dahil lamang sa isang kuting na kanyang itinali, at hindi niya pinakain at ni hindi man lamang niya ito pinakawalan upang makapag hanap ng makakain, hanggang mamatay.”

Kasama sa mga kaparusahan ng Allah ﷻ ay ang ipagbawal ng Allah ﷻ ang kanyang habag sa mga taong walang awa.

Sinabi ni Propeta Mohammad ﷺ:

"لا يَرْحَمُ اللَّهُ مَنْ لَا يَرْحَمُ النَّاسَ"

‘Sinuman ang hindi nila kinaawaan ang sangkatauhan ay hindi sila kakahabagan ng Allah ﷻ.’

Aking kapatid na mananampalataya, magpakumbaba tayo sa ating mga kapatid sa pananampalatayang Islam, at itanim natin ang awa sa puso ng ating mga anak at katotohanan mag-aani tayo ng kasayahan, gantimpala at paraiso sa huling hantungan.

و صلى الله على نبينا محمد و على اله و صحبه و سلم تسليما.